

# MGA SUBSTITUTE NA TAGAPASYA AT POWER OF ATTORNEY

IMPORMASYON PARA SA MGA NAKATATANDANG NASA  
HUSTONG GULANG, PAMILYA, AT TAGAPAG-ALAGA



## BASAHIN ANG PAMPHLET NA ITO PARA MALAMAN:

- Ang isang Substitute na Tagapasya (Substitute Decision Maker, SDM).
- Ang Power of Attorney para sa Personal na Pangangalaga.
- Paano Pumili ng Power of Attorney para sa Personal na Pangangalaga.



**Sinai  
Health**

Healthy Ageing  
and Geriatrics



**UHN**

Toronto General  
Toronto Western  
Princess Margaret  
Toronto Rehab  
Michener Institute

## ANO ANG ISANG SUBSTITUTE NA TAGAPASYA (SDM)?

---

Ang isang substitute na tagapasya ay isang taong nagpapasya para sa ibang tao, kung hindi na nila magagawang magpasya para sa sarili nila. Karaniwang malalapit na kamag-anak ang Mga Substitute na Tagapasya (SDM).

Kung hindi mo na magagawang magpasya, dapat makipag-ugnayan ang iyong doktor o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan sa iyong substitute na tagapasya para sa kanyang pahintulot, bago ka mabigyan ng paggamot ng iyong doktor o iba pang provider sa pangangalagang pangkalusugan. Ipinag-aatas ng batas na sundin ang kautusan sa pagkakatawan.

## LISTAHAN NG MGA SUBSTITUTE NA TAGAPASYA:

---

1. Isang tagapag-alaga na may kapangyarihang magbigay o tumanggi sa pahintulot sa paggamot.
2. Isang abugado para sa personal na pangangalaga na may kapangyarihang magbigay o tumanggi sa pahintulot sa paggamot.
3. Isang taong pinili ng Lupon sa Pahintulot at Kapasidad (Consent & Capacity Board).
4. Isang asawa o partner.
5. Isang anak (16 na taong gulang pataas) o magulang o kawani ng Samahan sa Tulong para sa Mga Bata (Children's Aid Society).
6. Isang magulang na may right of access only.
7. Isang kapatid na lalaki o babae (o kuing mahigit sa isang kapatid, mga kapatid na lalaki at babae).
8. Sinumang iba pang kamag-anak (kadugo, sa kasal, o adoption).
9. Ang Opisina ng Pamublikong Tagapag-alaga at Trustee (Office of the Public Guardian and Trustee, OPGT). Ang OPGT ay bahagi ng Ontario Ministry of the Attorney General.

Para sa Mga Substitute na Tagapasya, ang isang manggagawa sa pangangalang pangkalusugan na nagpapanukala ng paggamot ay dapat makipag-usap sa **unang tao** sa listahan ng SDM. Kung walang kakayahan, hindi handa, o hindi available ang taong iyon na gumawa ng mga pasya sa pangangalagang pangkalusugan para sa iyo, tatanungin ng manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan ang **pangalawang tao** sa listahan. Magpapatuloy ito hanggang sa may matukoy na SDM.

Kung gusto mong piliin ang to na magapapasya bilang iyong Substitute na Tagapasya, puwede mo siyang gawin na iyong abugado para sa personal na pangangalaga.

## **ANO ANG ISANG ABUGADO PARA SA PERSONAL NA PANGANGALAGA?**

---

Ang isang abugado para sa personal na pangangalaga ay isang taong pinagkakatiwalaan mo at legal mong pinili para gumawa ng mga pasya sa pangangalagang pangkalusugan kung hindi ka makakapagpasya sa iyong sarili.

## **SINO ANG PUWEDENG MAGING ABUGADO PARA SA PERSONAL NA PANGANGALAGA?**

---

Ang iyong abugado para sa personal na pangangalaga ay puwedeng isang tao na nakalista sa listahan ng mga substitute na tagapasya, o ibang taong pipiliin mo, gaya ng isang kaibigan o kapitbahay.

Ang isang abugado para sa personal na pangangalaga ay hindi puwedeng:

- Wala pang 16 na taong gulang.
- Hindi nakakaunawa o nakakaintindi ng impormasyon tungkol sa mga pasya sa paggamot.
- Isang taong binayaran para bigyan ka ng pangangalagang pangkalusugan o pansuportang serbisyo.

Kung mayroon kang mahigit sa isang abugado para sa personal na pangangalaga, kakailanganin mong tukuyin kung dapat magkakasama silang magpapasya o kung puwedeng isang tao lang ang magpapasya kung hindi available ang iba.

# PAANO PUMILI NG ABUGADO PARA SA PERSONAL NA PANGANGALAGA

---

Para legal na gawing iyong abugado para sa personal na pangangalaga ang isang tao, dapat kang magsagot ng form sa Power of Attorney para sa Personal na Pangangalaga na nagbibigay ng legal na kapangyarihan para gumawa ng mga pasya sa pangangalagang pangkalusugan para sa iyo kung hindi magagawang magpasya sa iyong sarili.

Kapag nasagutan na ang form, ang iyong abugado para sa personal na pangangalaga ay magiging substitute na tagapasya mo.

## ANO ANG DAPAT NAMING PAG-USAPAN NG AKING SDM?



Bahagi ng advance na pagpapalano sa pangangalaga ang pagpili ng kung sino ang pinagkakatiwalaan mo para gumawa ng mga pasya sa pangangalagang pangkalusugan para sa iyo kung hindi mo ito magagawa sa iyong sarili. Kasama rin sa **Advance na Pagpapalano ng Pangangalaga** ang pag-iisip, pakikipag-usap, at pagsusulat tungkol sa gusto mong mangyari kung kailangang magpasya ng iyong SDM para sa iyo.

Makipag-usap sa iyong SDM tungkol sa:

- Anumang pagpapahalaga at kagustuhan na makakatulong sa paggabay sa kanya, kung kailangan niyang magpasya para sa iyo.
- Anong medikal na paggamot at pangangalaga ang gusto at hindi mo gusto kung magiging malubha ang sakit mo.

Puwede mo ring isulat ang mga pagpapahalaga, kagustuhan, at paggamot na ito sa isang dokumento na tinatawag na Paunang Direktiba. Tumutulong ang isang **Paunang Direktiba** na gawing malinaw sa iyong SDM at mga provider sa pangangalagang pangkalusugan kung anong medikal na paggamot at pangangalaga ang gusto at hindi mo gusto.

## PAANO KO MAKUKUHA ANG DOKUMENTO PARA SA ISANG POWER OF ATTORNEY PARA SA PERSONAL NA PANGANGALAGA AT PAUNANG DIREKTIBA?

- Puwede kang makipag-ugnayan sa isang abugado para tulungan kang gumawa ng Power of Attorney para sa Personal na Pangangalaga.
- Puwede kang kumuha ng kit sa Power of Attorney para sa Personal na Pangangalaga mula sa Ministry of the Attorney General I-download ang kit sa pamamagitan ng pagbisita sa website:



<https://www.publications.gov.on.ca/300652>

Tumawag sa opisina para hilingin sa kanila na magpadala sa iyo ng kit:



416-326-5300 (kung nakatira ka sa Toronto)

1-800-668-9938 (libreng tawag sa labas ng Toronto)

## SAAN AKO MAKAKAKITA NG HIGIT PANG IMPORMASYON?

---

### KIT SA POWER OF ATTORNEY PARA SA PERSONAL NA PANGANGALAGA - MINISTRY OF THE ATTORNEY GENERAL

---

Para sa Impormasyon tungkol sa Pagpili ng Power of Attorney at para sa Form sa Power of Attorney para sa Personal na Pangangalaga, bisitahin ang website sa ibaba para i-download ang kumpletong kit.



<https://www.publications.gov.on.ca/300652>

### ADVANCE NA PAGPAPLANO NG PANGANGALAGA - SPEAK UP

---

Impormasyon tungkol sa advance na pagpapalano ng pangangalaga at paggawa ng plano para sa mga pasya sa kalusugan sa hinaharap



[www.advancecareplanning.ca](http://www.advancecareplanning.ca)

## **MGA NAUUGNAY NA RESOURCE SA AMING SERYE:**

---

- Paano Simulan ang Pag-uusap: Advance na Pagpapalano ng Pangangalaga
- Pag-unawa sa Iyong Mga Opsyon sa Palliative na Pangangalaga

## **MGA KARAGDAGANG RESOURCE NG KALUSUGAN SA AMING SERYE:**

- Alak at ang Iyong Kalusugan
- Calcium, Vitamin D, at Kalusugan ng Boto
- Mga Pangkalahatang Tip sa Pangangasiwa ng Mga Problema sa Memorya
- Pangangasiwa sa Kawalan ng Kakayahang Magpigil ng Ihi
- Mas Mahabang Buhay, Mas Kumportableng Pamumuhay - Ang Iyong Gabay sa Malusog na Pagtanda
- Pagkontrol sa Stress ng Tagapag-alaga
- Pagkontrol sa Pabalik-balik na Pananakit
- Pangangasiwa ng Mga Karaniwang Kundisyon sa Kalusugan ng Pag-iisip sa Mga Nakatatandang Nasa Hustong Gulang
- Pagkontrol sa Pagtitibi
- Pagkontrol ng Mild Cognitive Impairment, Alzheimer's Disease, at Iba Pang Dementia
- Pangangasiwa ng Maraming Pabalik-balik na Kundisyon sa Kalusugan
- Pangangasiwa ng Paggamit ng Sedative-Hypnotic na Gamot sa Mga Nakatatandang Nasa Hustong Gulang
- Pangangasiwa ng Pagtulog sa Mga Nakatatandang Nasa Hustong Gulang
- Pangangasiwa ng Mga Disorder sa Paggamit ng Substance at Pagkalulong Habang Tumatanda
- Pag-iwas sa Mga Pagkatumba sa Bahay
- Pagtukoy at Pagkontrol ng Pagkabalisa
- Pagtukoy at Pagkontrol ng Pagdedeliryo
- Pagtukoy at Pagkontrol ng Depresyon
- Pagtukoy at Pangangasiwa ng Pagkawala ng Pandinig
- Ligtas na Paggamit ng Gamot para sa Mga Nakatatandang Nasa Hustong Gulang

## **MGA KARAGDAGANG RESOURCE SA KOMUNIDAD SA AMING SERYE:**

- Mga Opsyon sa Transportasyon sa Komunidad
- Mga Serbisyo sa Pagtatasa ng Pagmamaneho
- Pang-aabuso sa Nakatatanda
- Pagpopondo ng Mga Pantulong sa Mobility at Iba Pang Tulong para sa Programa sa Mga Pantulong na Device
- Mga Opsyon sa Pabahay para sa Mga Nakatatandang Nasa Hustong Gulang
- Paano Magparehistro para sa Wheel-Trans
- Meals on Wheels

Bumisita sa [www.sinaigeriatrics.ca/healtheducation](http://www.sinaigeriatrics.ca/healtheducation) para sa mga karagdagang resource para sa mga nakatatandang nasa gustong gulang, pamilya, at tagapag-alaga.

Ang impormasyong ito ay gagamitin lang paara magbigay ng impormasyon, at hindi naglalayong maging pamalit sa propesyonal na medikal na payo, diagnosis, o paggamot. Kumonsulta sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa payo tungkol sa isang partikular na medikal na kundisyon. Puwede lang mag-print ulit ng isang kopya ng mga materyales na ito para sa hindi komersyal na personal na paggamit.

**Gusto naming magpasalamat sa mga sumusunod para sa kanilang suporta sa aming Mga Resource sa Edukasyon para Masuportahan ang Inisyatiba sa Malusog na Pagtanda:**



**Ben and  
Hilda Katz  
Foundation**



Nagbigay ng pondo ang Mon Sheong Foundation at ang Ben and Hilda Katz Foundation para suportahan ang pag-print at pagsasalin ng aming Mga Resource sa Edukasyon para Masuportahan ang Inisyatiba sa Malusog na Pagtanda.

Sinuportahan ng Ministry for Seniors and Accessibility ang inisyatibang ito gamit ang pondo sa pamamagitan ng Programa nito ng Grant sa Komunidad para sa Mga Nakatatanda.

Hinango sa "Substitute Decision Maker and Naming a Power of Attorney" noong 2016 nang may pahintulot mula sa Programang Patient and Family Education ng University Health Network.

May-akda: Programa ng Healthy Ageing and Geriatrics, Sinai Health at UHN  
Binago noong: 07/2022